



Federation of Free Workers

FFW Building 1943 Taft Avenue, Malate 1004, Manila, Philippines
Tel: (+63 2) 521.9435 / 521.9464 • Telefax: (+63 2) 400.6656
www.ffw.org.ph



Patuloy na pinanghahawakan ng kilusang paggawa ang mga tampok na usapin sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa.

Una, di naging masaklaw ang tinatawag na pag-unlad. Wala pa ring disenteng trabaho para sa milyon-milyon nating kababayan. Karamihan sa trabahong nalilikha ay mapanganib at walang katiyakan. Tampok ito sa sektor na impormal. Di sapat ang kita ng madla upang tustusan ang pangangailangan ng pamilya. Ang mga may regular na trabaho naman ay patuloy na nangangamba na mapalitan ng manggagawang kontraktwal.

Ang pinagmumulang ng pag-unlad ay di pangmatagalan. Ito ay tinutulak ng pagkonsumo sa halip ng ganap na pamumuhunan. Ito ay panandalian at madalas pang walang pakundangan na sumisira sa kalikasan kaya't patuloy tayong binabayo ng bagyo, baha at mga kalamidad na di natin makontrol.

Ang mga bayaning overseas Filipino workers ang patuloy na nagliligtas sa ating ekonomiya sa pamamagitan ng ipinadadala nilang dolyares. Subalit nanganganib ring magwakas ang kanliang kabayanihan sapagkat naghihigpit na ang maraming mayamang bansa sa pagtanggap ng mga manggagawa sa ibayong dagat.

Ikalawa, ang politika at ekonomiya ay patuloy na pinaghaharian ng mga angkan ng iilan. Magpalit man minsan ang kanilang pangalan sa pamunuan, ipinagpapatuloy naman nila ang sistemang nagluluklok sa mga katulad nila sa pwesto. Kaya't di nakapagtataka na patuloy rin ang kahirapan ng pamilya at mamamayang Pilipino.

Ikatlo, patuloy pang bumababa ang bilang ng unyon at mga collective bargaining. Nagsusumikap man ang kilusang paggawa sa panunumbalik ng karapatang mag-union at makipagtawaran, ang mga pagbabago ay usad pagong.

Marami pa ring kaso ng pagpaslang sa mga lider manggagawa at aktibista ang di nalulutas. Ilang ulit pa itong nagaganap nang parang balewala lang ang buhay at kaligtasan ng manggagawa at mamamayan. Walang tigil ang mga masasamang elemento sa panggigipit at paninindak sa mga manggagawang iginigiit ang kanilang karapatang mag-union nang makapagtrabaho at mamuhay nang marangal.



Nakapanlulumo, nakayayamot at nakagagalit! Mula sa lakas ng patuloy na pakikibaka ng uring manggagawa at pakikiisa ng mga mulat sa pamahalaan at ilang katuwang na sektor, nabibigyang buhay ang pag-asa na sa makabuluhang pag-uusap ay maaari pa ring may mangyari.

Kailangang ipagpatuloy natin ang laban hanggang sa tagumpay! Ang pagkakaisa ng uring manggagawa sa pamamagitan ng mga unyon ang gabay natin sa mga sumusunod na hakbang:

- 1. Maglikha ng disenteng trabaho na nakasalalay isang matino at makabayang agro-industrial plan.**
- 2. Sa pamamagitan ng proteksyong panlipunan, agad na ipamahagi ang pangmatagalang kaunlaran.**
- 3. Palakasin ang partisipasyon ng manggagawa sa pagbuo ng desisyon sa lahat ng antas sa pamamagitan ng pagpapalakas ng karapatang mag-union at magbuo ng mga makabuluhang samahang manggagawa.**
- 4. Palaganapin ang demokrasya, maging sa larangan ng ekonomiya at igiit ang pananagutang panlipunan sa merkado at kalakalan upang wakasan ang paghahari ng iilan sa pulitka, maging sa ekonomiya.**
- 5. Manggagawa, mag-organisa!!!**